# *JOHN MARK JACALNE*

Si John Mark Jacalne ay tubòng Samar at kasalukuyang mag-aarál ng BA Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman.

# TIPASI

Oras na ng paghukom sa bawat butil
Na di maayos na namolino,
Isabog sa labas ng pinto
At dahasin ng tuka
Ng mga manok.

Manghinayang kayâ ang lupa
Sa di nabayo, di nasaing, di nahirin,
Kung sa sinapupunan niya sana
Biyaya itong sumupling?